# 〈NOBI-NOBI MEDICAL CHECK-UP〉 (ESPESYAL NA MEDICAL CHECK-UP) AT 〈NATIONAL HEALTH INSURANCE NINGEN DOKKU〉

Para sa mga naninirahan sa siyudad ng Saitama at mayroon National Health Insurance mula edad 40 hanggang 74 ay maaring tumanggap ng 〈Espesyal na Medical Check-up〉 o kaya 〈National Health Insurance Ningen Dokku〉. Ang napiling Doktor ng siyudad ng Saitama ay susuriin ang iyong pisikal na kondisyon. Isang beses sa isang taon lamang.

Bawat taon, katapusan ng Abril ay magpapadala ang siyudad ng Saitama sa iyong tirahan ng 〈Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up〉 ito ay nakalagay sa loob ng envelope. Sa mga mayroon National Health Insurance, mula sa pagitan ng Abril hanggang Enero ay makakatangap ng nasabing ticket sa sunod na buwan. Para sa mga hindi nakatangap o kaya naiwala ang nasabing ticket maari lamang magtanong sa City Hall Insurance and Pension Department.

Ang pagkuha ng Medical Check-up ay isang beses lamang mula taon 2026, Abril 27th hanggang taon 2027, Marso 13th. Mangyaring kumuha ng Medical Check-up!

◎Paraan

Maari lamang kumuha muna ng reserbasyon sa hospital (Napiling Doktor ng siyudad ng Saitama) sa pagkuha ng Medical Check-up.

Kasama ipinadala ang 〈Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up〉 at 〈Listaan ng hospital〉 na maaring puntahan. Maaring tingnan ang 〈home page ng siyudad ng Saitama〉 (wikang Hapon). (https://www.city.saitama.lg.jp/001/153/002/006/p008582.html). O kaya maaring magtanong sa City Hall Insurance and Pension Department.

◎Nobi-Nobi Medical Check-up　(Espesyal na Medical Check-up)

①Mga bagay na kailangang dalhin sa medikal na pagsusuri

NOBINOBI Medical Check-up(Specific Health Check-up)consultation ticket,

Katunayan na  sakop ng Saitama City National Health Insurance※

※Ipakita ang isa, sa mga sumusunod.

・Online na pagpapatunay na karapat-dapat gamit ang My Number Health Insurance Card.

・Ang  My Number Health Insurance Card o ang My Number Portal na karapat- dapat sa screen sa smartphone at ibapa.

・Abiso ng My Number Health Insurance card at impormasyon ng kwalipikasyon

・Balidong  katunayan  ng kwalpikasyon

②Pagbabayad

0 yen

③Pagsusuri

Pagtatanong mula sa Doktor, Pagsukat ng timbang at laki, Pagsusuri ng blood pressure, Pagsusuri ng blood lipids, Pagsusuri sa atay, Pagsusuri ng blood sugar, Pagsusuri sa ihi, Pagsusuri sa bato, Elektrokardyogram, Pagsusuri ng anemia

★Para sa mga taong kailangan : Pagsusuri sa mata(Fundus test)

◎National Health Insurance Ningen dokku

①Mga bagay na kailangang dalhin sa medikal na pagsusuri

NOBINOBI Medical Check-up(Specific Health Check-up)consultation ticket,

Katunayan na sakop ng Saitama City National Health Insurance※

※Ipakita ang isa, sa mga sumusunod.

- Online na pagpapatunay na karapat-dapat gamit ang My Number Health Insurance Card.
- Ang My Number Health Insurance Card o ang My Number Portal na karapat- dapat sa screen sa smartphone at ibapa.
- Abiso ng My Number Health Insurance card at impormasyon ng kwalipikasyon
- Balidong katunayan ng kwalpikasyon

②Bayarin

| | Bayarin | mas mura o mababang halaga | Halagang babayaran sa Ospital |
|---|---|---|---|
| Kapag sumailalim sa fundus examination | 44,462 yen | 11,000 yen | 33,462yen |
| Kapag hindi sumailalim sa Fundus examination | 43,230 yen | | 32,230 yen |

※Ang mga pagsusuri na hindi tinukoy ng National Health Insurance medical check-up ay hindi kasama at sisingilin ng hiwalay.

③Pagsusuri

Maliban sa Nobi-Nobi Medical Check-up, Pagsusuri ng pancreas, Serological test, Respiratory test, Digestive test, at iba pa.

※Kapag tumanggap ka ng National Health Insurance Ningen Dokku, hindi maaring tumanggap ng kanser checkup siyudad ng Saitama (Sikmura Kanser, Baga Kanser, Bituka Kanser).

◎Depende sa resulta ng Nobi-Nobi Medical Check-up o National Health Insurance Ningen Dokku, mayroon pagkakataon na kumuha ng gabay sa kalusugan. Sasabihan ka ng Doktor kapag ito ay kailangan.